County of Los Angeles
DEPARTMENT OF
PUBLIC SOCIAL SERVICES

# CODE OF CONDUCT

## NG MA KLIYENTE/BISITA NG COUNTY




Nagsusumikap ang Department of Public Social Services (DPSS) na itaguyod ang kultura ng may paggalang sa isa't isa sa pagitan ng mga kliyente/bisita at mga kawani. Ang DPSS ay nakatuon sa paglikha ng isang ligtas at panatag na kapaligiran para sa mga empleyado nito, mga tauhang pangseguridad, at mga bisita. Ang sinumang pumapasok o tumatawag sa pasilidad ng DPSS ay hindi dapat manggulo, mang-abala, o makialam sa pisikal na paraan sa pagtupad ng mga opisyal na gawain at tungkulin ng mga empleyado ng DPSS.

Ang sinumang pumapasok o tumatawag sa pasilidad ng DPSS at gagawa ng mga sumusunod na nakakagambalang pag-uugali, ay maaaring paalisin mula sa tanggapan para sa araw na iyon, o tapusin ang kanilang tawag kahit hindi pa nila natatapos ang kanilang transaksyon. Sa ganitong mga sitwasyon, ang kliyente/bisita ay bibigyan ng ibang paraan tulad ng pagtawag sa Customer Service Center at paggamit ng online na mga serbisyo ng BenefitsCal.

## Kasama sa Nakakagambalang Pag-uugali ang:

- Paggawa ng mga pagbabanta (pasalita/o sa kilos);
- Paggamit ng malaswang pananalita;
- Paggawa ng malalaswang kilos sa mga empleyado o iba pang bisita;
- Pananakit o pagtatangkang manakit sa mga empleyado o iba pang bisita;
- Pakikipag-away o pagtatapon ng mga bagay;
- Pagdura, pagtapon ng mga likido sa katawan, pagsipa, pangangagat, o pagsali sa katulad na pag-uugali ng pananakit ng anumang uri ng karahasan;
- Pagkuha ng mga larawan o pagrekord ng mga empleyado o iba pang mga bisita;
- Pagpasok o pagtangkang pumasok sa mga lugar na ipinagbabawal;
- Paninira o pagdungis sa ari-arian ng County;
- Paghawak o paghipo sa ibang (mga) indibidwal nang walang pahintulot; o
- Panggugulo o panghaharang sa malayang dinadaanan ng mga empleyado, tauhang pangseguridad o ibang mga bisita.

**Mga Posibleng Parusa sa Paglabag ng Code of Conduct:**

Ang sinadya o paulit-ulit na nakakagambalang pag-uugali na ipinagbabawal ng batas o lumalabag sa Code of Conduct ay maaaring magresulta sa isa (1) o higit pa sa mga sumusunod na kahihinatnan:

- Ang hindi pagsunod pagkatapos ng pasalitang babala ay maaaring magresulta sa paghiling na umalis para sa nalalabing bahagi ng araw o pagpapatigil ng tawag.
- Paghihimasok ng tagapagpatupad ng batas, kabilang ang posibleng pag-aresto at pananagutan sa sibil o kriminal. Penal Code Sections 422 (a), at 602.1 (b).

TAGALOG